# Impormasyon tungkol sa ikatlong dosis ng bakuna sa Corona 19 (Booster) para sa mga dayuhang naninirahan dito sa Korea (18 taong gulang pataas)

Bumaba ang epekto ng bakuna sa paglipas ng panahon na nagpapataas ng mapanganib na impeksyon. Kapag nakumpleto na ang ikatlong dosis ng COVID-19 (booster) mas malaki ang epekto ng pagpigil sa impeksyon at malubhang sakit kaysa sa pangunahing bakuna lamang.
Kamakailan, sa mga kumpirmadong kaso ng nagpositibo ng COVID-19 mas mataas ang bahagdan ng mga dayuhan ngunit mababa ang bahagdan ng mga dayuhang nabakunahan ng ikatlong dosis kumpara sa mga mamayan, kaya para sa ligtas na pamumuhay dito sa Korea siguraduhing magpabakuna ng ikatlong dosis.
**Ang mga dayuhan na higit sa 18 taong gulang na nakakumpleto ng pangunahing pagbabakuna sa Korea o sa ibang bansa ay maaaring makatanggap ng libreng ikatlong dosis sa pagbabakuna (booster).**

○ Panahon ng Pagbabakuna
- Tatlong buwan (90 araw) pagkatapos makumpleto ang pangunahing bakuna, maaaring magpabakuna ng ikatlong dosis. Ang Janssen na bakuna pagkalipas ng dalawang buwan (60 araw) ay maaring magpabakuna ng pangalawa(Booster).
  * Pangunahing bakuna: Ang Pfizer·Moderna·Astrazeneca ay dalawang dosis, ang Janssen ay isang dosis
- Mawawala ang bisa ng quarantine pass kung sa loob ng anim na buwan pagkatapos makumpleto ang pangunahing bakuna ay hindi nabakunahan ng ikatlong dosis, kinikilala kaagad ang bisa nito pagkatapos mabakunahan ng ikatlong dosis.

○ Uri at Lugar ng Pagbabakuna
- Sa kasalukuyan, ang pangatlong dosis ay pinangangasiwaan ng mga bakuna sa mRNA (Pfizer, Moderna). Subalit, sa mga nabakunahan ng Janssen kung gustong mabakunahan ng pangalawang dosis (booster) ng Janssen, mangyaring makipag-ugnayan sa pinakamalapit na pampublikong sentro ng kalusugan.
- Hindi alintana kung ikaw ay rehistrado o hindi sa health insurance, maaari kang magpabakuna sa isang institusyong medikal o pampublikong sentro ng kalusugan na nagbabakuna laban sa COVID-19.

○ Paano magpareserba

① **Mga dayuhan na nakakumpleto ng pangunahing bakuna dito sa Korea**

1) **Rehistradong dayuhan** : Ang pagpapareserba ay maaaring gawin sa online o sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono katulad sa paraan noong nagpareserba ng pangunahing bakuna.
   * Online na Pagpareserba: Bisitahin ang site ng sistema ng maagang pagpapareserba para sa pagbabakuna ng Corona 19(https://ncvr.kdca.go.kr) at pagkatapos maberipika ang sarili ay magpareserba.
   ** Pagpapareserba sa telepono: Sentro ng Korea para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit(☏1339) O sa numero ng telepono ng pagpapayo sa pagpapareserba ng lokal na pamahalaan.(bumisita sa https://ncv.kdca.go.kr → at itsek ang ‘Kasalukuyang Status ng Pagrereserba ng Telepono para sa Mga Bakuna sa COVID-19)

2) **Mga hindi dokumentadong dayuhan(kabilang ang mga ilegal na dayuhan)** : Maaari kang magpareserba sa pamamagitan ng tawag o sa pagbisita sa institusyon na maaring pagbakanuhan (institusyon ng medikal o pampublikong sentro ng kalusugan) gamit ang pansamantalang numero ng pamamahala na ibinigay ng pampublikong sentro ng kalusugan sa panahon ng pangunahing bakuna.

② **Mga dayuhang nabakunahan ng pangunahing bakuna sa ibang bansa (kabilang ang mga dayuhang may maikling bisa 90 na araw pababa)**
- Dalhing ang inyong ID at bisitahin ang pinakamalapit na pampublikong sentro ng kalusugan, pagkatapos makakuha ng isang pansamantalang numero ng pamamahala, iparehistro ang iyong kasaysayan ng bakuna sa ibang bansa, at pagkatapos ay magpagawa ng reserbasyon sa pamamagitan ng pagtawag o pagbisita sa isang institusyon ng pagbabakuna (medikal na institusyon o pampublikong sentro ng kalusugan).
  * Ang mga rehistradong dayuhan ay hindi na kailangang kumuha ng pansamantalang numero ng pamamahala.

※ Pakitandaan

- Ayon sa sistema nang tungkulin sa eksempsyon ng pag-abiso(notification duty exemption system) ang personal na impormasyon ay ginagamit lamang para sa mga layunin ng pagbabakuna, hindi ipaalam o hindi aabisuhan ang mga tanggapan ng imigrasyon・opisina ng mga dayuhan tungkol sa ilegal na pananatili.
- Para sa mga karagdagang impormasyon, mangyaring sumangguni sa website ng pagbabakuna ng COVID-19 (https://ncv.kdca.go.kr) ng Sentro ng Korea para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit.

Ministry of Gender Equality and Family

Korea Disease Control and Prevention Agency

<Ang pagsasaling ito ay ginawa ng Danuri Call Center 1577-1366>